

# H E K A S I 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)  
**Distance Education for Elementary Schools**  
**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



## DAHILAN NG PANDARAYUHAN



Department of Education  
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**  
2nd Floor Bonifacio Building  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City

## **Revised 2010**

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),  
DepEd - Division of Negros Occidental  
under the Strengthening the Implementation of Basic Education  
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.



## GRADE VI

### DAHILAN NG PANDARAYUHAN



#### ALAMIN MO

Napag-aralan mo na ang pandarayuhan . Naging bahagi ng kanilang buhay ang magpalipat-lipat ng pansamantala upang may mapagkunan ng kabuhatan.

Suriin mo ang larawang ito.



Ano ang nakikita mo sa larawan?

May pagkakaiba ba ang ibinigay na mensahe sa unang larawan kung ihahambing sa pangalawang larawan?

Sa modyul na ito malalaman mo ang mga dahilan ng pandarayuhan at ang dalawang uri nito.

Handa ka na ba?





## PAGBALIK-ARALAN MO

Napag-aralan mo na sa nakaraang aralin ang mga katangian ng pook urban at pook rural. Isulat mo na lang sa “House Web” ang angkop na katangian na nakatala sa ibaba.

Pook Rural

Pook Urban

Maraming magsasaka  
Dikit-dikit ang tirahan  
Maraming sasakyan  
May mga gusaling komersyal  
Maraming hanapbuhay

Maliit ang populasyon  
Nagdaramayan ang mga tao  
Maraming libangan  
Layu-layo ang mga bahay  
Tahimik



## PAG-ARALAN MO

Maraming mga kadahilanan kung bakit lumilipat ang mga mamamayan sa ibang lugar. Tingnan ang larawang ito.



Maayos ba ang kalagayan ng lugar na isinasaad sa larawan? Makakakuha ka ba ng magandang hanapbuhay, karunungan sa nakikita mong pook sa larawan?

Sa ganitong sitwasyon, marami ang nagbabalak na makaalis ng lugar na walang mapagkakakitaan ng kaunlaran sa buhay lalo na kung lumalaki ang bilang ng kasapi sa pamilya. Lumilipat sila sa pook na maunlad na malaki ang pagkakataong makapaghanapbuhay. Nais nilang matikman ang makabagong pamumuhay at pagliliwaliw sa kalunsuran.

May kaginhawaan bang maibibigay sa pamumuhay ang unang larawan?

Bakit sila umalis sa lugar nila? Saan sila lumipat?







Pag-aralan mo ang ikalawang larawan.



Ang larawang ito ang nagiging dahilan kung bakit ang mga mamamayan natin ay lumilipat sa ibang lugar? Ang kalamidad tulad ng paglindol, pagbaha, pagkasira ng mga pananim, mahabang tagtuyot, pagputok ng bulkan ang iniwasan nila upang ang pamilya ay maligtas sa anumang panganib. Hindi maganda ang maidudulot nito sa kanilang buhay.

Bakit tuluyang iniwan nila ang pinagmulan nilang lugar?  
Makabuti kaya ito sa kanilang pamumuhay? Pangatwiranan.

Nakikita mo na ba ngayon kung bakit sila nandarayuhan?  
Nasusundan mo ba ang iyong aralin?

Tingnan mo kung ano naman ang isinasaad ng sumusunod na larawan.





Ito ang larawang nabibigay takot, pangamba sa damdamin ng mga tao. Hindi mo ito maiiwasan lalo na kung ang tinitirahan mong lugar ay makapal ang populasyon.

Ito ang nagiging dahilan kaya umaalis kaagad ang bawat pamilya. Hindi nila naiibigan ang magkaroon ng baha at magkagulo ang mga tao kapag may bagyo. Gusto nila ang tahimik na pamumuhay.

Anong mga dahilan ang nagtutulak na lisanin ng pamilya ang isinasaad sa larawang nakita mo?

Ang mga larawan sa taas ay mga halimbawa ng panloob na pandarayuhan. Sila ay lumilipat lamang sa loob ng kanilang bansa.

Suriin mo naman ngayon ang larawan sa ibaba.



Ang lugar na ito ang umaakit sa mandarayuhan sa pook na ito. Nakikita ang pag-asa sa pamumuhay nang naangkop sa kanilang kahusayan sa paggawa. Maaari ring makakita ng trabahong may mataas na suweldo ang mga bansang industriyalisado tulad ng Estados Unidos, Canada o Japan.

Ang kaunlarang pang-edukasyon ay malilinig at ang karunungan ng mga bata ay lalawak tungo sa magandang hangarin nila sa buhay.





Narito naman ang talaan ng mga bansang kadalasang pinupuntahan ng ating mga kababayan mula 1996 hanggang 2000.

Bilang ng mga nakarehistrong Emigranteng  
Pilipino sa iba't-ibang Bansa  
1996-2000

Destinasyong Bansa	2000	1999	1998	1997	1996
Total	51,031	40,507	39,010	54,078	60,926
USA	31,324	24,123	24,887	37,017	41,318
Canada	8,245	6,712	5,651	8,216	10,051
Australia	2,298	2,597	2,189	2,126	2,002
Japan	6,468	4,219	3,810	4,172	4,516
United Kingdom	174	225	193	195	150
Germany	552	550	560	566	542
Others	1,970	2,081	1,624	1,786	2,275

Kung titingnan ang talanguhit na ito, malalaman natin na karamihan sa ating mga kababayan ay nasa USA, Canada, Australia, Japan, United Kingdom at Germany.

Sagutin ang mga tanong.

- Anong bansa may malaking Emigranteng Pilipino sa taong 2000?
- Anong taon lumaki ang pandarayuhan sa bansang Estados Unidos?
- Bakit bumaba ang pandarayuhan panlabas sa bansang Estados Unidos simula taong 1997 hanggang 2000?
- Bakit mas malaki ang bilang ng populasyon nang nandayuhan sa taong 1996 sa bansang Estados Unidos?
- Ano ang kabuuang bilang ng populasyon na nandayuhan sa iba't-ibang bansa simula taong 1996 hanggang 2000?

Ganito ba ang sagot mo?

- Bansang Estados
- Taong 1996
- Maaring huminto ang pagkuha ng manggagawang Pilipino o nagkaroon ng problema ang Estados Unidos sa pangkabuhayan.
- Maraming ginagawang gusaling pangkomersiyo, pagtanggap ng mga mahuhusay na manggagawa tulad ng nars, doktor sa iba't-ibang ospital
- 24,5552







Nasagot mo bang lahat? Kung gayon ipagpatuloy mo ang pagbasa ng aralin.

May iba't-ibang dahilan ang ginagawang pandarayuhang panlabas ng isang tao/pamilya.

Isa-isahin natin ang kadalasang naging dahilan ng kanilang pandarayuhan.

Una, ang pagpapaunlad ng kabuhayan. Sa panloob na pandarayuhan mula sa probinsiya maraming Pilipino ang naniniwala na matatagpuan sa Maynila ang kaginhawaan ng buhay dahil ito ang pinakasentro ng kalakalan ng ating bansa. Sa panlabas na pandarayuhan, marami sa ating kababayan ang nakikipagsapalaran upang mabigyan ng maginhawang pamumuhay ang kani-kanilang pamilya.

Ang pangalawa ay Edukasyon. Naririnig na sa kamaynilaan matatagpuan ang magagaling na unibersidad kaya taun-taon pataas nang pataas ang bilang ng mag-aaral. Sa panlabas katulad ng pag-aaral sa Estados Unidos at iba pang bansa ay nais makakuha ng magandang antas ng edukasyon.

Ang kapayapaan, katahimikan at seguridad ay mga dahilan kung bakit lumilikas ang ating mga kababayan. Maraming Pilipino ang nagpapalit ng kanilang tirahan dahil sa kawalan ng seguridad sa tinitirahan. Dahil sa naganap na digmaan, maraming Pilipino ang lumikas sa iba't-ibang lugar at hindi na bumalik sa takot na muling sumiklab ang digmaan.

Ang likas-yaman ang mga pinanggagalingan ng pagkain at hanapbuhay ng tao. Kapag nasira ito malaking peligro na mawala ang pangunahing pangangailangan at hanapbuhay ng tao. Humahanap sila ng ibang tirahan na kung saan ay hindi maaapektuhan ang paggamit ng likas na yaman. Nang sumabog ang bulkan, daan-daang pamilya mula sa Zambales, Pampanga at Tarlac ang napilitang lumikas dahil tinupok at ibinaon ng lahar ang kanilang bahay at hanapbuhay.


Napakaraming dahilan kung bakit ang tao ay naitutulak at naaakit upang mandarayuhan. Sa pangkalahatan ang kalagayan ng pangkabuhayan, panlipunan, pampulitika, panrelihiyon, pangkarunungan at pangkalikasan ang kadalasang nagiging dahilan upang lisanin ng isang tao ang kanyang tirahan.

Naunawaan mo na ba ngayon kung bakit may pandarayuhang panloob at panlabas?





Subukan mong lagyan ng datos ang “graphic Organizer” na ito. Tapusin mo ang sinimulan kong sagot;



### PAGSANAYAN MO

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na tanong. Isulat mo ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwadernong sagutan.

1. Ang paglipat ng tao buhat sa isang lugar patungo sa ibang lugar upang manirahan ay
  - a. paglalakbay
  - b. pakikipag-ugnayan
  - c. pagliliwaliw
  - d. pandarayuhan



2. Anu-ano ang dahilan kung bakit nangibang bayan o nangibang bansa ang isang tao/pamilya?
  - a. upang makipag-ugnayan
  - b. upang maglakbay
  - c. upang magkaroon ng magandang pamumuhay
  - d. upang mandayuhan
  
3. Mag-aaral sa Maynila ang mga anak nina G. at Gng. Ceromonia kayat lumipat sila doon. Ano ang kanilang dahilan?
  - a. pangkarunungan
  - b. pangrelihiyon
  - c. pampulitika
  - d. pangkabuhayan
  
4. Ang pagkakaroon ng maraming pagawaan sa isang pook ay umaakit sa pandarayuhan samantalang ang nagtutulak ay ang pook na
  - a. may mabuting klima
  - b. may makabagong kagamitan
  - c. maraming kaguluhan
  - d. may pagkakakitaan
  
5. Ang mga Taga-Mindanao ay lumilipat sa NCR dahil sa kaguluhan sa kanilang lugar. Anong uri ng pandarayuhan ito?
  - a. pandarayuhang panloob
  - b. pandarayuhang panlabas
  - c. pakikipag-ugnayang panlabas
  - d. pakikipag-ugnayang panloob



## TANDAAN MO

- Pandarayuhan ang tawag sa paglipat ng lugar na panirahan. Ito ay maaring paglabas ng bansa at maaari rin namang ito ay sa loob lamang ng bansa.
  
- Ilan sa mga dahilan ng pandarayuhan ay:
  - Makapasok sa malalaki at modernong paaralan
  - Makagamit ng mahalalagang kagamitan
  - Makapunta at makapaglibang sa magandang pook pasyalan at magkaroon ng mabuting pamumuhay





- Makaiwas sa pag-uusig ng may kapangyarihan dahil sa gulo at karahasan sa lugar na pinanggalingan.
- Nililisan ng iba ang kanilang pook dahil sa pinsalang dulot ng kalamidad.



## ISAPUSO MO

Ibigay ang wastong saloobin sa sitwasyon na ito.

Isang nandarayuhan mula sa lalawigan ang nagtayo ng bahay sa inyong likod-bahay. Ano ang maari mong gawin upang maging maayos ang pagtira ng iyong kasambahay? Sumulat ka ng ilang pangungusap bilang kasagutan sa iyong paliwanag. Gawin ito sa inyong kuwadernong sagutan.

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



## GAWIN MO

Sa iyong kuwadernong sagutan.

Ang pandarayuhan ay nangyayari sa loob ng bansa. Kung maaari rin sa labas, gumuhit ng eroplano, kung hindi iguhit lamang ang bangkang may layag.



Panloob

Panlabas

2. Isulat ang dahilan ng padarayuhan ng mga tao ayon sa sitwasyon.

1. Magaling na guro si Gng. Javier ngunit di sapat ang kaniyang kinikita para sa kanyang pamilya. Napilitan siyang magturo sa Estados Unidos.

Dahilan \_\_\_\_\_

2. May bagong bukas na pagawaan sa Laguna. Maraming manggagawa ang lumipat ng tirahan dito.

Dahilan \_\_\_\_\_

3. Laging binabaha ang lugar nina Mang Julio. Natatakot siyang magkasakit at maging ang kanyang pamilya kaya lumipat sila ng tirahan.

Dahilan \_\_\_\_\_

4. Magaling na accountant si G. De Castro. Ngunit nagsara ang bangkong kanyang pinapasukan. Napilitan siyang lumuwas ng Maynila.

Dahilan \_\_\_\_\_

5. Inaatake ng hika ang mga anak nina G. De Villa kapag napaka-init ang panahon lalo na kapag tag-tuyot. Lumipat sila sa lugar na malamig ang klima.

Dahilan \_\_\_\_\_



## PAGTATAYA

Isulat ang **A** kung panloob na pandarayuhan at **B** kung panlabas na pandarayuhan.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang mga Pilipinong nars ay nagtungo sa Luzon upang magtrabaho.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang mga Hapones ay nakarating at nanirahan sa Pilipinas upang makaiwas sa kalagayang pampulitika sa kanilang bansa.
- \_\_\_\_\_ 3. May mga taga-Barangay Valenzuela sa Makati na pumunta sa Batangas upang magtrabaho sa bagong bukas na pabrika ng plastik doon.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang mga Taga-Mindanao ay lumilipat sa NCR dahil sa kaguluhan sa kanilang lugar.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang pamilya ng De Villa ay nagtungo sa Canada upang makapiling ang kanilang mga kamag-anak na naninirahan doon.

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Bumuo ng isang talata batay sa larawan. Itala ang mga kadahilanan at ang magiging epekto nito sa pook na nilisan nila at nilipatang lugar. Maaari kang magsimula rito.





